

# ISANG MABALAHIBONG BUGTONG: MGA TULANG PAMBATA

EUGENE Y. EVASCO

**Philippine Humanities Review**
Volume 14 Number 2, April 2012, pp. 117 - 138
ISSN-0031-7802
© 2012 University of the Philippines

## Isang Mabalahibong Bugtong

Mayroon na akong balbas
nang ako'y isilang.
Bingi ako noong sanggol
kaya di ko narinig
ang mga unang hele sa akin.
Sa dilim, mata ko'y nagniningning.
Nakakikita ako sa dilim,
nakababasa pa ng damdamin.
Tanaw ng aking teleskopyong mata
ang pinakamunting kulisap
na lumiligid sa lampara.

Hiyaw ko'y hikbi ng mga inakay.
May bentilador sa aking lalamunan
kapag nakahilata sa paboritong kandungan.
Waring nagba-ballet,
lumalakad, tumatakbo akong
laging gamit ang mga daliri.
Kasintahimik ko ang anino
habang nagsasayaw ng cha-cha't tango.

Nagiging pigurin ako
kapag nakatitig sa arowana ng akwaryum.
At pagkatapos, magkukunwari akong kusinero:
"Paksiw kaya o sinigang, relyeno o sarsiado?"
Nababahuan ako sa katas ng dayap,
nababanguhan ko sa lansa ng sapsap.
Pinapapak ko ang tinik
ngunit di ako nasasamid.

Natatawid ko
ang pinakamakipot na tulay.
Hindi ako nalulula.
Ngunit minsan,

hindi ako makababa
sa inakyat na punong akasya.
Patago-tago ako
sa kahon at supot na papel;
hinahabol-habol ko
ang lumulundag na liwanag
ng flashlight sa pader.

Kapag ako'y pinagbakasyon,
nagpipista ang peste,
o napepeste ang pista.
Kandado ako sa kamalig;
suwerte'y aking inaakit.
Kapag ako'y pinapayat,
ang mga daga'y nabubundat.
(Hindi ko maintindihan
kung bakit tinatawag na "mabait"
ang kaaway kong matalik.)

May nakatatak na mapa sa aking balat.
Kaya ba hindi ako
mawawala't maililigaw?
Nahuhulaan ko ang panahon
at ang paparating na bagyo't lindol.
Idlip ako nang idlip
nang makaipon ako ng mga panaginip.
Ganito talaga ako: isang antukin.
Pero hindi ako kailangang gisingin
lalo na kung sardinas ang ihahain.

Ako'y nakalalangoy
pero ayaw kong maligo.
Para sa akin, halimaw
ang mga patak ng ulan.
Walang payong, nagbababad
ako sa dagat ng liwanag.

Naliligo akong walang tubig.
Tuwalya ang aking dila
na nililinis ang aking dumi't libag.

Kapag ika'y aking nilapitan,
nilambing, pinahiran, at saka dinikitan,
pag-aari na kita't tunay na kaibigan.
Pagkatapos mong basahin ito,
kilalanin kung sino ako.

## Ang Mga Kulay ng Pusa

May mga pusang kinumutan
ng gabing walang tala at buwan,
o ginadgad na yelong winisikan
ng grasa at tinta ng pusit.

May mga pusang tila kapok
na naalikabukan,
o mga ulap na nangangako
ng masaganang ulan.

May mga pusang kakulay ng kalabasa,
hinog na santol, mangga, at tiyesa;
may kakulay ng mga duhat kapag tag-araw.
May mga pusang kakulay ng kakanggata
o malabnaw na hugas-bigas.

May mga pusang tila lumangoy sa gatas,
nagpagulong-gulong pa sa pulbos ng espasol;
may mga pusang nangudngod sa tsokolate,
o nakaligtas sa kumunoy ng peanut butter.

May mga pusang nanghiram ng kulay
sa tigre, naglalagablab ang kahel;
may mga pusang guhitan,
waring munting zebra sa bakuran.

May mga pusang taglay ang mga mapa
sa kanilang mukha at katawan,
mapa ng lupalop na walang tumutubong
puno, damo, at bulaklak.

May mga pusang nagmaskara,
may namantsahan ng kidlat sa noo;
may mga pusang nagkabigote, nagkaretaso
sa pisngi't natilamsikan ng kalawang.

May mga pusang may tagpi-tagping pantal,
may batik-batik na itim,
may patak-patak na putik,
may guhit-guhit na abo
may sapin-saping karamelo.

O, pusa, mga pusa,
gusto kong malaman:
Sino ang sa inyo'y
nagpinta at nagkulay?

**Ang Naririnig ng Pusa**

Dinig niya ang pagbangon at paggapang
ng araw sa silangan; ang pag-awit
ng takure sa mga antuking kusina.

Dinig niya ang pagdulas ng hamog
sa mga bintanang salamin; ang hiyawan
ng mga bagong-lutong pandesal mula sa hurno.

Dinig niya ang pagsusungit ng walis-
tingting sa mga tuyong dahon; ang pagtiklop
ng ginawing kumot; ang paghawi sa tulog na kulambo.

Dinig niya ang unang garalgal ng mga gripo;
ang halakhak ng timbang kinikiliti ng mga patak;
at ang pagputok ng mga bula ng sabon.

Dinig niya ang ginigisang bawang para sa sinangag;
ang panginginig ng pinipritong daing at itlog;
at ang pagkulo ng tubig para sa kape't tsokolate.

Dinig niya ang pagbati natin sa umaga.
Ngunit siya'y mag-iinat at maghihikab, hihilata
sa ating pinagbihisan, at saka mahihimbing

nang muling lumiksi sa pagdating ng dilim.

## Mga Kuwentong Pusa

### 1. Pusang Kamuning

May pambihirang ale doon sa Kamuning,
ang mga daga ay kanyang pinapakain
ng dinikdik na bawang, laurel, at paminta.
Nagtaka ako at heto ang tugon niya:
"Naglalaway sa adobo ang aking muning."

### 2. Pusang Obando

May isang maestra sa bayan ng Obando
na tumutugtog ng kakaibang piyano;
mga kuting at muning ang mga teklado,
ngumingiyaw ng do re me fa so la ti do.

### 3. Pusang Balayan

May mangingisda sa bayan ng Balayan,
walang pain, bingwit, o lambat na dala;
sandosenang pusa ang kanyang kasama
upang ipadakma, bundat na tulingan.

### 4. Pusang Diwalwal

Doon sa Diwalwal, may isang diwata,
nag-alay ng tuka't pakpak sa alaga.
Pusa'y nakalipad at agad nandagit;
kaya nangulila sa pipit ang langit.

**Si Mabait at si Mabagsik**
(Isang Reverso)

Mula sa aking sulok,
gagalugarin ko ang kusina.
Hahasain ang aking kuko;
kukurot ng tocino,
pupuslit pa ng danggit—
makatas at mainit-init,
malaman at malinamnam
ang aking agahan!
Itong daga'y
di dapat magpatumpik-tumpik,
ang sikmura'y namimilipit!

Ang sikmura'y namimilipit,
di dapat magpatumpik-tumpik.
Itong daga
ang aking agahan—
malaman at malinamnam,
makatas at mainit-init.
Pupuslit pa ng danggit,
kukurot ng tocino.
Hahasain ang aking kuko!
Gagalugarin ko ang kusina
mula sa aking sulok.

(reverso—Isang bagong anyo ng tulang pinasimulan ni Marilyn Singer. Nakalilikha ng dalawang bersiyon ang tula sa pagbaliktad ng orihinal na teksto. Ang ikalawang tula'y nabuo pagkaraang basahin mula huling taludtod paitaas ang unang tula. Nagbabago ang mga bantas, tono, mensahe, at persona sa ikalawang tula.)

**Ang Kalabaw at ang Pusa**
(Tula para sa Dalawang Tinig)

Kalabaw:
Ako ay kayod nang kayod,
walang reklamo sa utos.

Pusa:
Ako ay may pakinabang:
bantay sa hapag-kainan.

Lupain ay sinusuyod
kahit binti ay mangatog.

Espiya sa paminggalan,
mga ipis, binubugaw.

Kinakalyo, aking batok;
buto ko'y lumalagutok.

Tapat akong nagmamanman,
kawal ako sa bigasan.

Nang rumupok ang gulugod
sa putikan maglulublob.

Hindi ko pangingilagan
ang mga dagang kawatan.

Ako ay babad sa init,
ikaw ay paidlip-idlip.

Kapag palay ay namunga,
tinutugis ko ang maya.

Ani'y aking ilalako;
magkakatas pa ng tubo.

Hinihimas ko ang braso
Matapos s'yang mag-araro.

Minsang ako'y napahinto,
natikman ko ang latigo.

Nang nasamid s'ya sa tinik,
sinagip ko sa 'sang pahid.

Maghapong nakahilata,
anak ka ba ng Bathala?

Lambing ko'y kanyang baterya,
gamot sa kanyang rayuma.

## Ang Aking Mga Kaibigan
(Pasintabi kay Taro Gomi)

Natuto akong umawit
dahil sa kaibigang pipit.

Natuto akong lumukso
dahil sa kaibigang kabayo.

Natuto akong magtaguan-pung
dahil sa kaibigang pagong.

Natuto akong magpaaraw
dahil sa kaibigang kalabaw.

Natuto akong tumakbo
dahil kaibigang aso.

Natuto akong mambulabog
dahil sa kaibigang bubuyog.

Natuto akong maghasa ng kuko
dahil sa kaibigang oso.

Natuto akong maglambitin
dahil sa kaibigang matsing.

Natuto akong makipagkarera
dahil sa kaibigang usa.

Natuto akong mangapit-bahay
dahil sa kaibigang anay.

Natuto akong manginain
dahil sa kaibigang kambing.

Natuto akong maging maamo
dahil sa kaibigang kuneho.

Natuto akong mangharot
dahil sa kaibigang surot.

Natuto akong maglambing
dahil sa kaibigang inahin.

Natuto akong ngumiti't ngumiyaw
dahil sa kaibigang
walang iba kundi ikaw.

## Ang Kuting sa Sementeryo

Iniwan siya sa sementeryo,
isang maginaw na madaling-araw.
Binulabog ng kanyang hikbi-ngiyaw
ang nahihimbing na mga kaluluwa
sa mga limot na puntod.
Pinasuso siya ng naawang mangkukulam;
pinaghele ng mag-asawang aswang.
Katulong ang mga duwende,
binibilang at sinasalansan nila
ang mga nagkalat na bungo't kalansay.
Lumiksi, lumukso, lumakas ang kuting
sa piling ng mga nagluluksa't naglulupasay.
Kasama niya sa pandadakma ang tiyanak.
Sa mga gabing bilog ang buwan,
nakikipagsayawan siya sa mga diwata
at kinukuwentuhan pa ng kaibigang kapre.
Kapag Disyembre, kumot siya
ng nagkukulay-ubeng paa ng sepulturero.
Ngayon, tanging bantay ang kuting
sa antigong sementeryo ng bayan—
tinutugis niya ang mga antik-hukay
at nagsisilbing estatwa
sa mga nitsong walang pangalan.

**Salimpusa**

Sasali-sali ang salimpusa,
agad sisingit sa aming karera
pero lagi namang naliligo ng alikabok
dahil hihinto siya sa damuhan,
aamoy ng bulaklak at ngunguya ng damo.
"Kambing ka ba, Muning?"

Sasali-sali ang salimpusa
sa paghuli namin ng mga butete.
Pero laging walang laman ang garapon niya
dahil takot siyang magtampisaw
sa lawa-lawaan, ngumingiyaw siya
sa mga wisik-wisik ng tubig.
"Nilalagnat ka ba, Muning?"

Sasali-sali ang salimpusa
sa pag-akyat namin ng punong aratiles,
makikipitas, makikilambitin.
Pero lagi namang naiiwan sa sanga,
ngumingiyaw at tila nalulula.
Kailangan pa tuloy siyang akyatin ni tatay.
"Inakay ka ba, Muning?"

Sasali-sali ang salimpusa
sa aming taguan kapag maliwanag ang buwan.
Pero agad siyang unang natataya
dahil nagniningning ang mga mata niya,
parang bundat na mag-asawang alitaptap.
Minsan, magaling siyang magtago,
isang oras kaming naghanap;
iyon pala, mahuhuli namin siyang
himbing na himbing sa ilalim ng kama.
"Nananadya ka ba, Muning?"

Kami talaga'y susuko
sa aming salimpusa.
Sasama-sama, sasali-sali,
lagi namang balagoong.
Kapag napipikon,
nangangagat, nangangalmot.

Pero itong si Muning
sa isang bagay ay napakagaling:
kapag nakahain na ang meryenda sa mesa,
una siyang susunggab at mandadakma.
"Matsing ka ba, Muning?"
At siya'y kikindat-kindat, tila nahihiya.

Sasali-sali ang salimpusa,
salimpusang laging kasali't kasalo
sa aming mga salu-salo!

## May Bagyong Nagngangalang Kuting

May bagyong nagngangalang Kuting
dumating siya habang kami'y nahihimbing,
walang anumang babala o pahiwatig.
Wala kaming ligtas sa kanyang hagupit,
sa kanyang lupit. Aakyat siya ng sopa—
magkakamot, magkukusot;
kakaskasin niya ang mga unan
tulad ng nahuling daga o maya.
Humahaginit niyang hahablutin
ang rolyo ng tisyu,
pagugulungin, pipilasin
hanggang magkapunit-punit.
Aalimbukay ang nalagas niyang balahibo
at dadaluyong sa lawak ng sahig.
Tutuklapin niya ang pintura sa dingding,
wari bang umuukit ng sariling lagda.
Hindi pa humuhupa,
babasagin niya ang mga plorera
at kakalbuhin ang pumpon ng rosas.
Gumuho ang eskaparate
ng mga tasa't pigurin.
Rumagasa ang kanyang ihi
sa mga binti ng mesa,
tila ba nagtatanim ng kanyang marka.
Hinablot niya ang bulaklaking kurtina,
sinipat ang bunga ng kanyang liksi't kisig.
Nagbaha sa alpombra
nang nabasag ang akwaryum.
Sa mga sandaling ito, hindi pa
natatagpuan ang mag-anak na goldfish.

Sa aming paggising, humupa na
ang bagyong nagngangalang Kuting.
Muli siyang namataang
hinahagkan ang aming mga binti,
waring nagpapaumanhin
at handa na muling magpalambing.

## Paumanhin ng Kuting

Paumanhin
kung nagkapunit-punit
ang iyong paboritong aklat;
kasimbango kasi nito
ang bagong-lutong pandesal
na may mantekilya.

Patawarin ako
kung binunot ko
ang mga tanim
na oregano't kulantro;
nginuya ko ito
tulad ng pagpangos mo
ng hinog na mangga't tubo.

Pasensiya na't nabasag
ang bote ng sariwang gatas
ng kalabaw; kapares sana iyon
ng agahan mong tsampurado.

Ang malas ko,
nahuli mo ako.
Hindi ko maitatanggi:
makrema ang mga bakas
at nanlalagkit ang aking balbas
dahil sa sinimot na gatas.

## Ambahan ng mga Pusakal

Ulila ng lansangan,
nangangalkal sa sukal.
Dinggin ang aming ngiyaw:
Buksan ang 'yong tahanan,
bigyan kami ng ngalan.

Alay sa ami'y dasal,
awit, tula't parangal
ng lumang kabihasnan.
Leo't tigre'y kaangkan.
Ngayo'y nasa tambakan,
tambay ng basurahan.
Tinutugis ng suklam
habang ayungi'y tangay.
Kami'y mga pusakal,
subsob sa pag-uukay,
sa pagpapagpag-kalkal.

Ulila ng lansangan,
nangangalkal sa sukal.
Dinggin ang aming ngiyaw:
Buksan ang 'yong tahanan,
bigyan kami ng ngalan.

Siyudad ang nagluwal
sa nuno nami't angkan.
Kinupkop ng looban,
ng ilalim ng tulay.
'Pag bagyo'y humahataw,
sa kisame'y siksikan.
Mga kuting, lumutang
nang estero'y umapaw.

Ulila ng lansangan,
nangangalkal sa sukal.
Dinggin ang aming ngiyaw:
Buksan ang 'yong tahanan,
bigyan kami ng ngalan.

Hanap nami'y kanlungan
at init ng kandungan.
Sa pista at handaan,
sikmura'y kumakalam
sa pagsinghot, pagtunghay.
Aming kinatakutan
matulad-kapalaran
sa daga ng imburnal—
nilason na't hinataw,
inalay pa sa bangaw.

Ulila ng lansangan,
nangangalkal sa sukal.
Dinggin ang aming ngiyaw:
Buksan ang 'yong tahanan,
bigyan kami ng ngalan.

**Usapang Pusa at Bata**
(Mga Haiku sa Dalawang Tinig)

Pusa: Batang masungit,
braso'y 'wag ipagkait;
ako'y ginawin.

Bata: Pusang nangalmot,
mamaya'y maghihilik
sa 'king kandungan.

Pusa: Pagkagiliw mo'y
ramdam ko sa 'yong haplos;
ika'y unan ko.

Bata: Nangingiliti
ang pusang pumipintig
sa aking bisig.

Pusa: Gatas at sinag!
Pinangalanan ako.
'Di na gagala.

Bata: Mata'y kuminang
habang ika'y sinuklay;
buntot, sumayaw!

**Ang Hiling ng Pusang Itim**

(Isang Villanelle)

Huwag ninyo akong tatawaging uling
dahil aking angkin ang dangal ng leon;
'di ako aninong kakambal ng lagim.

Hampas at hilahil ang aking kapiling.
Mula pa pagsilang, hiyaw ang salubong;
huwag ninyo akong tatawaging uling.

Sinilid sa sako noong ako'y kuting,
tinangkang iligaw o kaya'y itapon;
'di ako aninong kakambal ng lagim.

Minsan, isang bata, sa aki'y naaliw;
niyakap n'ya ako at saka bumulong:
"Hinding-hindi kita tatawaging uling."

Sinuklayan ako't handa nang kupkupin;
inihain sa 'kin, sariwang galunggong.
'Di ako aninong kakambal ng lagim.

Alaga na ako't tinatanging giliw;
kinukumutan pa kapag umaambon.
Huwag ninyo akong tatawaging uling;
'di ako aninong kakambal ng lagim.

**Siyam na Sulyap sa Siyam na Buhay ng Pusa**

1.
Sa gitna ng kalye,
tumitingala siya't
tinititigan ang palaisipan
ng gabi.
"Sino kaya ang umuukit
ng pinilakang
( ,
D,
O,
)
sa langit?"

2.
Hindi siya isinasama sa opisina;
bawal din siya sa eskuwela,
pati sa mall at ospital,
sa sinehan at restawran.

Kaya naglalagi siya rito,
dito sa ropero,
ang paraiso
ng mga libaging labahin,

upang kayo'y kanyang
mahagkan, maamoy,
at waring laging kapiling.

3.
Gusto niyang alamin
kung totoo ang sabi-sabing
siyam ang kanyang buhay.
Nakipagsayaw siya sa hangin;
nagpadulas pa sa hagdan;
nakipagpatintero sa mga sasakyan;
bumitin sa sampayan.
Aba, inakyat ang kurtina

nang butiki'y kanyang madakma.
Ngumuya ng mga buto;
mga tinik ay nilunok.
Natapilok, nahulog
ngunit tumayong
wala man lang bugbog.

4.
Sawa na siyang tumitig
sa cursor na pumipintig.
Hindi lang siya musa
kundi isang makatang pusa.
Nais magtinikling
ng kanyang mga daliri
sa teklado ng mga titik.

Kaya nang magpahinga
ang kanyang makata,
siya na ang nagtapos ng tula:
"pphkiojuio bgtbfonrikijmi  uyvgfghdsas
kqmokmi  tqsuvcfr wrvnrxcyftvuybbvg."

5.
Akala niya'y ahas,
ginulat ang sarili
ng pumupusag,
ng pumupulupot
niyang buntot.

6.
May dalawang puting
ginawing kuting,
nakabaluktot;
pinahihimbing
ng buwan ng Enero—
pinangalanang
Bola-bola at Asado!

7.
Sa umaga,
mga mata niya'y holen,
kakulay ng Dagat Pasipiko.

Sa hatinggabi,
ang mga mata niya'y ningas,
naglalagablab
tulad ng papalubog na araw.

8.
Kahit kinalkal niya ang basura,
inihian ang dingding,
pinunit ang kurtina,
at binasag ang salamin;
mayabang pa rin siyang nakaupo
(daig ang sinumang hari)
sa inangking trono
ng mga bagong-plantsang kamiseta
at mga bagong-tuping tuwalya.

9.
Sa lahat ng kanyang winasak
at binasag,
sa lahat ng kanyang kinupit
at pinunit,
narito ang kanyang handog
kapalit ng mailap mong ngiti:
    nangingisay na bubwit,
    pilantod na ipis,
    lumpong maya,
    bugbog na palaka,
    at mainit-init pang butiki.